JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon Para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan - Modyul 5:
## Ang Pagiging Bukas-Palad



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Bawat tao ay nagtatglay ng iba't ibang kaugalian. Isa na dito ang pagiging bukas palad o kusang loob ang pagtulong sa mga nangangailangan. Mahirap man o mayaman lahat tayo ay nangangailangan ng tulong ng bawat isa.

Ang pagiging bukas palad ay sadyang likas na sa ating kaugalian. Ito ay ang pagkakaroon ng positibong damdamin sa pagbabahagi, pagbibigay at pagtulong sa isang tao o bagay. Ito rin ay tinatawag na pagkakaroon ng bukal na kalooban.

Sa modyul na ito inaasahang:

1. Nasusuri ang pagiging bukas-palad sa nangangailangan



# Subukin

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Sumulat ng **OO** sa patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng bukas-palad na gawain at **HINDI** kung hindi ito nagpapakita ng bukas-palad na gawain.

1. Tinutulungan ko ang aking nanay sa gawaing bahay tuwing walang klase.
2. Si Aling Marta ay isang mayamang negosyante kung kaya't hindi na niya kailangan ng tulong ng iba.
3. Hinayaan kong makatawid mag-isa ang matanda.
4. Binigay ko ang aking mga lumang damit sa nasunugan.
5. Nagsalo-salo kami ng kaklase ko sa aking baon dahil wala itong baon.

| **Modyul 5** | **Ang Pagiging Bukas-Palad** |
|---|---|



## Balikan

**Panuto**: Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Isulat sa patlang ang salitang **MABUTI** kung ito ay nagpapakita ng pagtulong sa kapwa at **MASAMA** kung hindi ito nagpapakita ng pagtulong sa kapwa.

______________1. Nakasalubong ng dalawang batang lalaki ang pilay, kinuha ang tungkod nito.

______________2. Si Maria ay bukas-palad na tumutulong sa mga gawaing bahay.

______________3. Kinupkop ng mag-asawa ang batang napulot nila sa basurahan.



## Tuklasin

Sa bahaging ito, ating tuklasin ang iba't ibang hakbang o gawain upang maisasabuhay ang pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan.

**Gawain:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong na tumutukoy sa pagsasabuhay ng pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan.

1. Ano ang nararapat gawin sa mga taong nasalanta ng bagyo ang kanilang mga tirahan?

   ________________________________________________

2. Anong tulong ang maaaring ibigay sa mga batang ulila?

   ________________________________________________

3. Sa iyong palagay, paano ka makatutulong sa iyong kapwa na nakararanas ng pang-aapi o pang-aabuso?

   ________________________________________________



## Suriin

Sa bahaging ito, ating alamin ang pagiging bukas –palad sa mga nangangailangan sa panahon ng kalamidad

**Tandaan**

**Kapuwa Ko, Nandito Ako!**

- Ang pagiging bukas- palad ay pagbibigay ng kung ano ang mayroon ka nang bukal sa kalooban.
- Ang mga munting regalo na kayang ibigay, tulad ng pagtulong sa mga nasa lanta ng bagyo, ay isang kaginhawaan .
- Ibahagi sa iba ang biyayang mayroon ka na maluwag sa damdamin at walang inaasahang kapalit. Lubos na kasiyahan ang maidudulot nito sa iyo. Kapag tapat at totoo ang damdamin sa pagbibigay o pagbabahagi, tiyak na pagpapalain ka ng Maykapal at mapapasaya mo ang iyong kapuwa.
- Nabubuhay ang tao hindi lamang para sa kaniyang sarili kundi para sa kaniyang kapuwa. Mahirap man o mayaman, may kakayahan ang tao na tumulong sa mga nangangangailangan.
- Ang pangunahing ahensiya na tumutulong sa mga nangangailangan ay ang Department of Social and Welfare Development(DSWD) ang nagbibigay ng pinansiyal na tulong at ang Department of Education (DepED) naglalaan ng mga paaralan upang maging pansamantalang tuluyan ng mga nasalanta, ang Department of Health(DOH) ay para sa kalusugan ng mga mamamayang nasalanta at ang Department of Interior and Local Government(DILG).



# Pagyamanin

Subukin ang iyong kaalaman ukol sa mga gawaing na nagpapakita ng pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan at sa panahon ng kalamidad.

**Patnubayang Gawain 1**

**Panuto:** Suriin ang mga sumusunod na gawain na nagpapakita ng pagiging bukas-palad sa Hanay A at itambal ito sa kaakibat nitong mga gawain na nakasulat sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

A

___1. Pagdamay sa kapwa sa oras ng kalamidad

___ 2. Department of Social Welfare and Development (DSWD)

___ 3. Pag-aalalay sa nangangailangan

___ 4. Pagbibigay sa kapwa

B.

A. Ang ahensiya na makakatulong sa mga nangangailangan
B. Pagbibigay ng pagkain sa mga taong nasalanta ng bagyo
C. Pagbabahagi ng mga pagkain sa namamalimos
D. Pagtulong sa pagtawid ng matanda sa daan



# Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na layong matukoy ang lawak ng iyong natutunan sa paksang pinag-aralan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang ahensiya ng pamahalaan na makakatulong sa mga na nangangailangan ?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paano nakakatulong ang ahensiya ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa mga nasalanta ng bagyo?

3. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa mga nangangailangan tulad ng nasunugan ng bahay?



# Isagawa

**Panuto:** Gumawa ng liham sa isang ahensiya ng pamahalaan na nais mong hingan ng tulong para sa mga batang walang mga tirahan at palabuy-laboy sa lansangan. Banggitin mo sa iyong sulat kung bakit nais mo silang matulungan ng pamahalaan.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Ginawang Sulat**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sa sulat ang mga ninanais na tulong mula sa ahensiya ng pamahalaan para sa mga batang walang tirahan. | Hindi naipapahayag sa sulat ang mga ninanais na tulong mula sa ahensiya ng pamahalaan para sa mga batang walang tirahan. | Malayo sa paksa ang ginawang sulat. |
| 2. Oragnisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng liham. Nagakakasunud-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at pangwakas. | Maayos ang pagkakasulat ng liham may panimula, katawan at pangwakas. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng liham walang panimula, katawan at pangwakas. |



# Tayahin

**Panuto:** Isulat ang **T** kung tama ang sitwasyon **M** at kung mali.

__1. Tulungan ang mga taong nasalanta ng bagyo.

__2. Pera lang kailangan nating ibahagi sa ating kapwa.

__3. Kung wala kang materytal na bagay maaari kang magbahagi ng oras at serbisyo sa iyong kapwa.

__4. Kailangan bukas sa ating palad ang pagtulong sa ating kapwa.

__5. Ibahagi sa iba kung anong mayroon ka ng hindi maluwag sa kalooban.



*Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Tayahin | Balikan | Pagyamanin |
|---|---|---|---|
| 1. oo | 1. T | 1. Masama | 1. B |
| 2. hindi | 2. M | 2. Mabuti | 2. A |
| 3. hindi | 3. T | 3. Mabuti | 3. D |
| 4. oo | 4. T | | 4. C |
| 5. oo | 5. M | | |

## *Sanggunian*

- Edukasyon sa Pagpapakatao 4 patnubay ng guro pahina 67-73
- Edukasyon sa Pagpapakatao 4 kagamitan ng mag-aaral pahina 116-127


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Marina J. Sali, T-III, Balatanay E/S
Editor: Rojelyn S. Cubico, T-I, Makiri E/S
Isabela City Division
Tagasuri: Fadher G. Ismael, PSDS, Isabela West District 3
Isabela City Division
Tagaguhit:
Tagalapat:
Tagapamahala:

Julieto H. Fernandez, OIC-SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC-ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.